San Diego Unified School District
SUPPLEMENTAL EDUCATIONAL SERVICES DEPARTMENT

**Sa inyo ang Boklet**

# NCLB *Supplemental Educational Services (SES)*

# 2015-2016 LIBRENG Sariling Tagapagturo

## *Boklet sa Pagpasok ng Mag-aaral*



## ***Dumalo sa Pasinaya ng Tagapagkaloob***

**Sabado, Oktubre 17, 10 n.u. - 2 n.h.**
**Morse High School Auditorium/Cafeteria**
**6905 Skyline Dr., 92114**

**Sabado, Oktubre 24, 10 n.u. - 2 n.h.**
**Lincoln High School Gymnasium**
**4777 Imperial Ave., 92113**

**Miyerkules, Oktubre 28, 4:00 n.h. - 7:00 n.h.**
**De Portola Middle School Crespi Hall**
**11010 Clairemont Mesa Blvd., 92124**



**PALUGIT NG APLIKASYON: 3:00 N.H., BIYERNES, OKTUBRE 30, 2015**

***Aplikasyon sa Loob***

**Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:**

Ang batas ng pamahalaang No Child Left Behind (NCLB) Act ng 2001 ay tinitiyak na ang lahat ng mag-aaral ay magkaroon ng pagkakataong magtagumpay sa paaralan, at nagtakda ito ng mga target na magagawa ng mag-aaral na ang lahat ng mga publikong paaralan ay dapat tuparin. Ang mga paaralang hindi makatupad sa mga target sa tamang panahon ay tinatawag na mga paaralang Program Improvement (PI). **Ang listahan ng pansamantalang karapat-dapat na mga paaralan ay nakalaan sa boklet na ito.** Ang lahat ng paaralang nasa Program Improvement ng higit sa isang taon ay dapat mag-alok ng pagtuturo sa pagbasa, matematika, at agham sa kanilang mga mag-aaral sa labas ng oras ng pag-aaral sa silid-aralan. Ang NCLB Act ng 2001 ay nagkakaloob na pumili ang mga magulang ng mga mag-aaral na pumapasok sa mga paaralang naturingang isang Program Improvement sa dalawang taon o higit pa: 1) ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring magpasiyang ang kanilang mga anak ay sumali sa SES Free Tutoring o; 2) sa Program Improvement School Choice (PISC). Ang karagdagang kaalaman ay nakalaan sa websayt ng distrito. Ang pagpasok sa isang Year 2 o higit sa paaralang Program Improvement ay ang isang nararapat na dapat tuparin. Sa karagdagan, ang San Diego Unified School District ay pinatutupad ng batas ng pamahalaan na unahin ang mga mag-aaral ang pagpasok sa mga pinagtibay ng mga sangay ng pagtuturo sa mga pinakamabagal na matutong mag-aaral na mula sa mahihirap na pamilya (mga karapatdapat sa libre o pinamurang pagkain sa paaralan). **Ang mga mag-aaral lamang na karapatdapat sa mga hinahanap sa itaas ang ilalagay sa kanilang piniling tagapagkaloob para sa paglilingkod ng sariling tagapagturo.**

Naglalaman ang boklet na ito ng mga kaalaman tungkol sa libreng pagtuturong nakalaan upang tulungang mapabuti ang pag-aaral ng inyong anak. Ipinaliliwanag nito ang mga programang iniaalok ng mga samahan/ sangay na pinagtibay ng California State Board of Education at may kasunduan sa San Diego Unified School District upang magkaloob ng libreng pagtuturo. Ang mga samahan/sangay ay tinatawag na tagapagkaloob. Upang tulungan kayong makapagpasiya kung nais ninyong sumali ang inyong anak sa paglilingkod, at pumili ng tagapagkaloob para sa inyong anak, pakiusap na pag-isipan ang mga sumusunod:

**PAGBASA, MATEMATIKA, O AGAHAM?**

Ang mga tagapagkaloob ay mag-aalok ng pagtuturo sa pagbasa (English/language arts), matematika, o agham. Tanungin ang guro o punong-guro ng inyong anak na tulungan kayong malaman ang paksang-araling pakikinabangan ng inyong anak sa pagtuturo. **Isang paksang-aralin lamang ang nakalaan para sa inyong anak.**

**LUGAR**

Gamitin ang boklet na ito upang malaman kung saan ang lugar ng mga tagapagkaloo, upang mapili ang tagapagkaloob na angkop para sa inyo at sa inyong anak. Kayo ang maghahatid at susundo kung saan ang tagapagkaloob. Walang pagtuturo ang iaalok sa mga paaralan ng Distrito, at ang Distrito ay hindi magbibigay ng sasakyang maghahatid sa lugar ng tagapagkaloob. Ang ilang tagapagturo ay nagbibigay ng paglilingkod sa bahay o sa online. Kung pipili kayo ng tagapagkaloob na nag-aalok ng paglilingkod sa online, tanungin ang tagapagkaloob kung mayroon silang nakalaang kompyuter para sa inyong anak (kung kailangan) at kung kayo ay dapat magkaroon ng nararapat na koneksiyon sa internet upang magamit ang kanilang paglilingkod.

**MGA ARAW/PANAHON/ORAS NA IPAGKAKALOOB**

Ang mga tagapagkaloob ay nag-aalok ng pagtuturo sa magkakaibang araw at oras. Tanungin sa tagapagkaloob upang malaman ang mga araw/oras ng kanilang pagtuturo na angkop sa inyo at sa inyong anak. **Tunghayan din sa pahina 8 para sa kabuuang bilang ng oras ng pagtuturo na iniaalok ng bawa't tagapagkaloob. Ang mga tagapagkaloob ay hindi nakahanay batay sa letra.**

**MGA PARAAN NG PAGTUTURO**

Tanungin ang tagapagkaloob upang malaman kung papaano ang pagkakaloob ng pagtuturo (hal., maliit na grupo, malaking grupo, atbp.) upang malaman kung aling tagapagkaloob ang angkop sa pangangailangan ng inyong anak.

**MGA KATANGIAN ANG MGA KAWANI**

Tanungin sa tagapagkaloob ang tungkol sa kanilang mga kawani. Ang ilang tagapagkaloob ay naghahanap ng mga tagapagturo na may kredensiyal/lisensiya, ang iba ay naghahanap ng mga tagapagturong nakapagtapos sa kolehiyo, at ang iba ay maaaring mayroong ibang hinahanap.

Kung nagpasiya kayong nais ninyong sumali ang inyong anak na tumanggap ng libreng pagtuturo, tapusin ang **2015-2016 APLIKASIYON SA LIBRENG PAGTURO** na matatagpuan sa likod nitong boklet.

1. Pumili ng tatlo (3) tagapagkaloob sa pagsulat ng **pangalan ng samahan** para sa una, pangalawa, at pangatlong napipisil.
2. Lagdaan ng inyong pangalan kung saan hinihingi
3. Isulat ang petsa kung saan hinihingi

**Ibalik ang 2015-2016 APLIKAYON SA LIBRENG PAGTUTURO ng hindi lalampas ng 3:00 n.h., Biyernes, OKTUBRE 30, 2015. Walang tatanggaping aplikasiyon pagkatapos ng palugit.** Isang may selyong sobre ang ipinagkaloob para sa inyo at dapat nakatatak sa koryo ng Oktubre 23, 2015. Maaari rin ninyong dalhin ang 2015-2016 APLIKASYON SA LIBRENG PAGTUTURO ng personal sa: **San Diego Unified School District** • Chollas-Mead Elementary School Campus • 4525 Market St., Bldg. 800 • San Diego, CA 92102

Tatawagan kayo ng tagapagkaloob na pinili ninyo para sa inyong anak upang ipaalam na natanggap ang inyong anak at magbibigay ng petsa ng libreng pagtuturo para sa pagsimula ng inyong anak. **Kapag hindi kayo tinawagan sa unang linggo ng Desiyembre, pakiusap na tawagan ang Tanggapan ng SES. Ang pondo ng pamahalaang magbabayad sa tagapagkaloob para sa paglilingkod ay limitado. Kapag ang humihiling para sa paglilingkod na pagtuturo ay lumabis na nakalaang pondo, ang pangunguna ay ibibigay sa mga mag-aaral na malaki ang pangangailangan at tumutupad sa antas ng kabuhayan sa mga karapatdapat na paaralan.**

Kung kayo ay may mga katanungan o kailangan ng karagdagang kaalaman tungkol sa paglilingkod na pagtuturo ng SES, pakiusap na tawagan ang 619-362-3340.

Taos-puso,
**Andrea Thrower**
Program Manager, Supplemental Educational Services (SES) Department

---

# *MGA PAARALANG PROGRAM IMPROVEMENT*

**Ang mga paaralang nakalista sa ibaba ay maaaring mga (2015-2016) Program Improvement (PI) Schools sa kanilang pangalawang taon o higit sa Kalagayang PI. Upang maging karapatdapat na tumanggap ng Libreng Pagtuturo ng SES, ang mag-aaral ay dapat pumapasok sa isa sa mga paaralan sa ibabang nasa PI Year 2 at tumatanggap ng libre/pinamurang pagkain sa pagpasok sa 2015-2016.**

## MGA PAARALANG ELEMENTARYA:

Adams; Alcott; Audubon; Balboa; Bethune; Boone; Burbank; Cadman; Carson; Carver; Central; Chavez; Cherokee Point; Chollas-Mead; Cubberly; Dana; Dewey; Emerson/Bandini; Encanto; Euclid; Fay; Field; Foster; Franklin; Freese; Fulton; Golden Hill; Hamilton; Hancock; Hawthorne; Hickman; Horton; Ibarra; Jefferson; Johnson; Joyner; Lafayette; Language Academy; Lee; Linda Vista; Lindbergh/Schweitzer; Logan; Longfellow; Marshall; Nye; Oak Park; Penn; Perkins; Porter; Rodriguez; Rolando Park; Ross; Rowan; Sequoia; Spreckels; Valencia Park; Walker; Washington; Webster; Wegeforth; Whitman; Zamorano

## MGA PAARALANG MIDDLE:

Bell; Challenger; Clark; Correia; Creative, Performing and Media Arts (CPMA); De Portola; Farb; Lewis; Mann; Marston; Memorial Prep; Montgomery; Pacific Beach; Pershing; Roosevelt; Taft; Wangenheim; Wilson

## MGA MATAAS NA PAARALAN:

Clairemont; Crawford; Henry; Hoover; Kearny DMD; Kearny SCT; Lincoln; Madison; Mira Mesa; Mission Bay; Morse; New Dawn; Point Loma; Riley; San Diego Business; San Diego MET; San Diego SCPA; San Diego SciTech; Serra; Twain; Whittier

## MALIMIT NA MGA KATANUNGAN

Ang mga nasa ibaba ay listahan ng malimit tanungin upang matulungan kayo sa pagpili ng tagapagkaloob ng libreng sariling tagapagturo para sa inyong anak.

### *Ano ang programang SES?*

Ang programang SES ay nagkakaloob ng libreng sariling tagapagturo para sa lahat ng karapatdapat na mag-aaral. Ang pagtuturo ay kabilang ang personal na pag-asikaso sa labas ng karaniwang oras ng pag-aaral sa silid-aralan at maaaring mahalagang pamaraan para sa panlahat na magagawa sa pag-aaral ng isang bata. Maaaring matulungan nitong bumuti ang magagawa ng inyong anak sa mga pagksang-araling siya ay nahihirapan, at higit na bumuti rin ang magagawa sa mga paksang-araling kaniyang kinagigiliwan.

### *Papaano kong malalaman kung karapatdapat o hindi ang aking anak sa libreng pagtuturo?*

Nakatanggap kayo nitong boklet dahil ang inyong anak ay karapatdapat sa libreng pagtuturo. Ang inyong anak ay karapatdapat dahil siya ay pumapasok sa isang paaralang naturingan bilang Program Improvement Year 2 o higit pa.

### *Ang pinakahuling pagiging karapatdapat ay batay sa:*

1. Paaralang pinapasukan ng inyong mag-aaral
2. Naturingang mahirap na kabuhayan (tumatanggap ng libre o pinamurang halaga ng pagkain)
3. Sariling nagawa sa Standards Based Report Card (SBRC)

### *Talaga bang ang pagtuturo ay LIBRE?*

Ang programang SES ay bahagi ng NCLB Act, at pinondohan ng bansang pamahalaan. Wala itong bayad. Ang pondo ng pamahalaan na ibinabayad sa mga tagapagkaloob sa kanilang paglilingkod ay limitado. Kapag ang mga humihiling ng libreng pagtuturo ay lumabis sa nakalaang pondo, ang pangunguna ay ibibigay sa mga mabagal matutong mag-aaral na karapatdapat sa libre at pinamurang halaga ng pagkain sa paaralan.

### *Papaano ko malalaman ang nararapat na programang pagtuturo para sa aking anak?*

Ang boklet na ito ay nagkakaloob ng detalyeng kaalaman sa lahat ng pinagtibay na samahang pagtuturong nakalaan sa inyong anak. Ang mga programa ng pagtuturo ay nakabanghay sa boklet na ito na tumutupad sa maraming pamantayan, pinatutupad, at pinagtibay ng State of California at pumayag na magturo sa mga mag-aaral ng distrito. Bilang isang magulang/tagapag-alaga, maaari kayong tumanggap at ihambing ang mga paglalarawan ng bawa't tagapagkaloob upang malaman ang mga iniaalok ng pinakamabuting paglilingkod na tutupad sa pangangailangan ng inyong anak. Hihilingin kayong pumili ng inyong tatlong napipisil sa nakalakip sa aplikasyon. Upang tumanggap ng libreng pagtuturo mula sa programang NCLB SES, dapat kayong pumili ng samahan mula sa listahang ipinagkaloob dito sa boklet

### *Ilang oras ng pagtuturo ang tatanggapin ng aking anak?*

Magkakaiba ang oras ng pagtuturo. Pakitunghayan sa pahina 8 upang malaman kung ilang oras ang tatanggapin ng inyong anak mula sa bawa't programa.

### *Kailan maaaring turuan ang aking anak?*

Ang bawa't programa ng pagtuturo ay magkakaiba ang talakdaan, subali't ang lahat ng pagtuturo ay sa labas ng karaniwang araw ng pagpasok sa paaralan. Ang pagtuturo ay maaaring pagkatapos ng klase o sa sabado/linggo, sang-ayon sa pinili ninyong tagapagkaloob. Maraming tagapagkaloob ang nakahanay dito sa boklet na pagpipilian na angkop sa pangangailangan ng inyong anak at talakdaang oras ng pamilya..

### *Papaanong mag-aplay na sumali ang aking anak?*

1. Ang papel ng aplikasyon ay matatagpuan sa huling pahina nitong boklet.
2. Ibigay ang inyong tatlong napipisil na tagapagkaloob pagkatapos na maingat na suriini ang lahat ng kaalaman sa boklet na ito.
3. Lagdaan ang aplikasyon.
4. Sa pagbuo ng aplikasyon ibinibigay ninyo ang hangaring tatanggap ng libreng pagtuturo ang inyong anak sa pamamagitan ng programang SES.
5. Ibalik ang natapos na aplikasiyon sa may selyong sobreng nakalaan sa gitna ng boklet na ito. **Ang aplikasyon ay DAPAT nasa Tanggapan ng SES ng ika-3 n.h. sa Biyernes, OKTUBRE 30, 2015.**

# *Pagpasiya sa mga Kaalaman*

**Pakiusap tandaan:** Batay sa mga programa ng mga tagapagkaloob, mayroong tuwirang kalagayang dapat sundin o isagawa. Dapat sumang-ayon ang mga magulang sa mga hinihingi ng mga tagapagkaloob na napili.



## NABUONG GRUPO BAGO ANG PAGTUTURO

***Advanced Reading Solutions LLC dba UROK Learning Institute:***
Pagkaantalang paglilingkod ay maaaring mangyari.

***Sylvan Learning of Bonita Operated by 40 Acres and A Mind, Inc.:***
Pagkaantalang paglilingkod ay maaaring mangyari.



## IPINATUTUPAD NG TAGAPAGKALOOB ANG ORIENTATION NG MAGULANG/MAG-AARAL BAGO ANG PAGTUTURO

**Ang petsa at oras ay ihahayag ng Tagapagkaloob**
***Sylvan Learning of Bonita Operated by 40 Acres and A Mind, Inc.***



## ANG PAGTUTURO AY NAKALAAN LAMANG SA MGA ILANG LUGAR

***Sylvan Learning of Bonita Operated by 40 Acres and A Mind, Inc.:***
Jacob Center, Chollas View Room: 404 Euclid Ave, 92114
Kroc Center, Community Room: 6845 University Ave., 92115
Elementary Institute of Science: 608 51st St., 92114
Tubman Chavez Multicultural Center: 415 North Euclid Ave., 92114

## MGA PROGRAMA SA ONLINE/INTERNET



Pakitawagan ang tagapagkaloob kung ano ang mga hinahanap (kompyuter, internet connection, atbp.) o kung sila ang magbibigay ng mga ito sa pagsali sa kanilang programa.

***Above & Beyond Learning, Inc.*** ~ ***! ! ! 1st Choice Android Smart-Phone Tutoring*** ~ ***Studentnest, Inc. (dba: studentnest.com)*** ~ ***Variations Educational Services LLC***



## MGA PROGRAMA SA KOMPYUTER (walang internet na kailangan)

Pakitawagan ang tagapagkaloob tungkol sa mga hinahanap o kung ibibigay nila sa pagsali sa kanilang programa.

***#1 Academia de Servicio de Tutoria*** ~ ***! ! 1 A 1 TUTORÍA TABLET COMPUTER ! !*** ~
***! ! ! Apple iPad & Android Tablet Tutoring ! ! !*** ~
***! ! ! 1st Choice Android Smart-Phone Tutoring*** ~ ***! ! #1 IPAD TUTORING ! !***

| PANGALAN NG TAGAPAGKALOOB NA SES | MGA TATAWAGAN SA KAALAMAN | | | LUGAR | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | English | Spanish | Ibang Wikang Ginagamit | Sa Bahay | Publikong Aklatan | Pambayang Gusali | Gusali ng Tagapagkaloob | Online/Internet |
| Teach-n-Tutor (DBA) Teach-n-Tutor, Inc. (tunay na pangalan) | 619-938-2651 | 619-938-2651 | Spanish, Arabic | ✓ | ✓ | | | |
| Advanced Reading Solutions LLC dba UROK Learning Institute | 877-358-9999 | 877-358-9999 | Spanish | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| Total Education Solutions | 619-275-4522 | 619-275-4522 | Over 30 languages including Spanish, Chinese, Japanese, Vietnamese, Arabic, Hebrew | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | |
| #1 Academia de Servicio de Tutoria | 800-293-3091 ext. 205 | 800-293-3091 ext. 205 | Spanish | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| Sylvan Learning of Bonita Operated by 40 Acres and A Mind, Inc. | 619-668-0145 | 619-668-0145 | Spanish, Arabic, Farsi | | | ✓ | | |
| ! ! 1 A 1 TUTORÍA TABLET COMPUTER ! ! | 888-561-9340 | 888-561-9340 | Spanish | ✓ | ✓ | | | |
| ACCESS TO LEARNING | 888-897-9987 | 888-897-9987 | Spanish, Korean, Aremenian | ✓ | ✓ | | | |
| A + Educational Centers | 800-700-2758 | 800-700-2758 | Spanish, Korean, Russian, Armenian, Farsi, Chinese | ✓ | ✓ | | | |
| Club Z! In-Home Tutoring Services, Inc. | 619-316-1790 | 619-501-5521 | Spanish, Mandarin, Korean | ✓ | ✓ | | | |
| Professional Tutors of America Inc. | 800-832-2487 | 800-832-2487 | Spanish, Vietnamese | ✓ | ✓ | | | |
| ! ! ! Apple iPad & Android Tablet Tutoring ! ! ! | 877-866-6049 | 877-866-6049 | Spanish | ✓ | ✓ | | | |

| ANTAS NA BAITANG AT PAKSANG ARALIN | | | | TALAKDAAN | | | | | | PAGTUTURO | | | | | | | | IBANG MAHALAGANG KAALAMAN | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Pagtuturo sa Pagbasa | Pagtuturo sa Matematika | Pagtuturo sa Agham | Buong Oras ng Pagtuturo | Pinakamaraming Oras Bawa't Sesyon | Pinakamaraming Oras Bawa't Linggo | Pagkatapos ng Pasok Lun-Biyer | Sabado | Linggo | Isahang Pagtuturo | Maliit na Grupo (Bababa sa | Grupo (6 o higit) | Bilang ng Guro sa Mag-aaral | Gamit ang Kompyuter na Pagtuturo | Mga Gurong May Kredensiyal | Tagapagturong Nagtapos sa Kolehiyo | Tagapagturong Nag-aaral sa Kolehiyo | Mag-aaral na may IEP | Mag-aaral na may Kapansanan | Paglilingkod sa English | American Sign Language | Karagdagang Kaalaman sa Pahina #3 |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 20.67 | 3 | 5 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | 1:1 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 20.67 | 2 | 4 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 20.67 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | 1:1 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 17.49 | 2 | 2 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 26.75 | 2 | 5 | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ | | 1:5 | | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 11.37 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 25.27 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | 1:1 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | ✓ | 14.21 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | | | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 17.49 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | 1:10 | | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | ✓ | 16.72 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | 1:1 | | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 11.37 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |

| PANGALAN NG TAGAPAGKALOOB NA SES | MGA TATAWAGAN SA KAALAMAN | | | LUGAR | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | English | Spanish | Ibang Wikang Ginagamit | Sa Bahay | Publikong Aklatan | Pambayang Gusali | Gusali ng Tagapagkaloob | Online/Internet |
| A Tree of Knowledge Educational Services, Inc. | 866-698-6537 | 866-698-6537 | Spanish | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| Above & Beyond Learning, Inc. | 619-930-4022 | 619-930-4022 | Spanish, American Sign Language | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| Bright Future | 800-599-1688 | 800-599-1688 | Spanish, Korean | ✓ | | | | |
| ! ! ! 1st Choice Android Smart-Phone Tutoring | 855-313-4388 | 855-313-4388 | Spanish, Vietnamese | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| Studentnest, Inc. (dba: studentnest.com) | 888-295-3916 | 888-295-3916 | Spanish, Creole, Hindi, Punjabi, Hmong, Chinese | ✓ | | | | ✓ |
| ! ! #1 IPAD TUTORING ! ! | 844-525-7100 | 844-525-7100 | Spanish | ✓ | ✓ | | | |
| Doctrina Tutoring | 858-776-8254 | 858-776-8254 | Spanish, Arabic, Chinese, Korean | ✓ | ✓ | | | |
| Variations Educational Services LLC | 888-537-3977 | 888-537-3977 | Spanish | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |

| ANTAS NA BAITANG AT PAKSANG ARALIN | | | | TALAKDAAN | | | | | | PAGTUTURO | | | | | | | | IBANG MAHALAGANG KAALAMAN | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Pagtuturo sa Pagbasa | Pagtuturo sa Matematika | Pagtuturo sa Agham | Buong Oras ng Pagtuturo | Pinakamaraming Oras Bawa't Sesyon | Pinakamaraming Oras Bawa't Linggo | Pagkatapos ng Pasok Lun-Biyer | Sabado | Linggo | Isahang Pagtuturo | Maliit na Grupo (Bababa sa | Grupo (6 o higit) | Bilang ng Guro sa Mag-aaral | Gamit ang Kompyuter na Pagtuturo | Mga Gurong May Kredensiyal | Tagapagturong Nagtapos sa Kolehiyo | Tagapagturong Nag-aaral sa Kolehiyo | Mag-aaral na may IEP | Mag-aaral na may Kapansanan | Paglilingkod sa English | American Sign Language | Karagdagang Kaalaman sa Pahina #3 |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 17.49 | 2 | 4 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | 1:10 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 22.74 | 3 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | 1:10 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| 1-8 | ✓ | ✓ | | 40.61 | 2 | 2 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:3 | | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 13.38 | 2 | 5 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | 1:1 | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | | ✓ | | 16.48 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:3 | | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 11.37 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |
| K-12 | ✓ | ✓ | | 22.74 | 2 | 7 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | | 1:1 | | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| K-12 | | ✓ | | 18.95 | 2 | 3 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | | 1:5 | | ✓ | ✓ | | ✓ | ✓ | ✓ | | ✓ |

# TUTORING HOURS AND iiskedyul
# (Ang lahat ng oras ay dapat gamitin para sa pagtuturo HINDI pagsubok )





| Mga Tagapagkaloob ng SES sa 2015-2016 para SDUSD | Kabuuang Oras | Pinakaraming Oras/Sesyon | Pinakaraming Sesyon/Linggo |
|---|---|---|---|
| Bright Future | 40.61 | 2 | 2 |
| Sylvan Learning of Bonita Operated by 40 Acres and A Mind, Inc. | 26.75 | 2 | 5 |
| ACCESS TO LEARNING | 25.27 | 2 | 3 |
| Above & Beyond Learning, Inc. | 22.74 | 3 | 3 |
| Doctrina Tutoring | 22.74 | 2 | 7 |
| Advanced Reading Solutions LLC dba UROK Learning Institute | 20.67 | 2 | 4 |
| Teach-n-Tutor (DBA) Teach-n-Tutor, Inc. (legal name) | 20.67 | 3 | 5 |
| Total Education Solutions | 20.67 | 2 | 3 |
| Variations Educational Services LLC | 18.95 | 2 | 3 |
| #1 Academia de Servicio de Tutoria | 17.49 | 2 | 2 |
| A Tree of Knowledge Educational Services, Inc. | 17.49 | 2 | 4 |
| Club Z! In-Home Tutoring Services, Inc. | 17.49 | 2 | 3 |
| Professional Tutors of America Inc. | 16.72 | 2 | 3 |
| Studentnest, Inc. (dba: studentnest.com) | 16.48 | 2 | 3 |
| A + Educational Centers | 14.21 | 2 | 3 |
| ! ! ! 1st Choice Android Smart-Phone Tutoring | 13.38 | 2 | 5 |
| ! ! ! Apple iPad & Android Tablet Tutoring ! ! ! | 11.37 | 2 | 3 |
| ! ! #1 IPAD TUTORING ! ! | 11.37 | 2 | 3 |
| ! ! 1 A 1 TUTORÍA TABLET COMPUTER ! ! | 11.37 | 2 | 3 |

**TANDAAN**: Ang pag-aplay sa Libreng Pagtuturo ng SES ay walang katiyakang matatanggap ang inyong anak. Dahil sa limitado ang pondo, ang mga karapatdapat na mag-aaral ang uunahin batay sa higit na pangangailangan. Pakiusap na unawaing kapag ang inyong anak ay natanggap sa Libreng Pagtuturo ng SES, sila ay may kasunduang sasali sa programa. Kung ang inyong anak ay hindi sumasali lagi sa kanilang programa (hal., 1, 2, 3 beses sa isang linggo), sila ay tatanggalin sa programa at ibibigay sa ibang karapatdapat na mga mag-aaral ang pagbibigyan sa pagtuturo. Mahalagang ibigay ang inyong pinakabagong impormasyon sa paaralan ng inyong anak upang ang samahang sinalihan ng inyong anak ay matawagan kayo. Sa kahulihulihan, pakiusap na tiyaking ang inyong anak ay papasok sa lahat ng sesyon sa pagtuturo at tapusin ang programa.

## Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa SES Free Tutoring


**San Diego Unified School District**

**Chollas-Mead Elementary School Campus**

**4525 Market Street, Bldg. 800, San Diego, CA 92102**

SES Department Website http://www.sandi.net//Domain/165

SES Office General Email: sdusdses@sandi.net

Tawagan ang Tanggapan ng inyong Supplemental Educational Services
**(619) 362-3340**

Program Manager: Andrea Thrower
Program Assistant: Leanne Rainer (English) ~ Program Assistant: Lourdes Mosqueda (Spanish)

## INSTRUCTIONS

① **PUMILI NG TATLO (3) TAGAPAGKALOOB**: SA MAGKAKASUNOD NA KAAYUSAN, isulat ang (3) tagapagkaloob at isulat LAMANG ang **pangalan ng samahan** sa inyong una, pangalawa, at pangatlong pinipili, <u>tunghayan ang tsart ng mga programa sa pagtuturo sa pahina 4-7</u> AT <u>pahina 8 para sa mga oras ng pagtuturo na iniaalok ng bawa't tagapagkaloob</u>. Sisikaping magawang ibigay sa mag-aaral ang kanilang unang pinipili sa listahan.

**HALIMBAWA:** (Isa-isang tuntunin kung papaanong basahin ang tsart ng programa sa pagtuturo)

**A** – Alamin kung nasaang lugar ang tagapagkaloob

**B** – Paglilingkod na iniaalok ng tagapagkaloob (Tandaan: isang paksang aralin lamang ang nakaaan para sa inyong anak)

**C** – Pangalan ng Tagapagkaloob/ Kompanya/ /Samahan

**D** – Basahin sa mga hanay ang mga kaalaman at paglilingkod ng tagapagkaloob

| | MGA LUGAR; ANTAS NA BAITANG AT PAKSA; TALAKDAAN; PAGTUTURO; IBANG MAHALAGANG KAALAMAN | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | In-Home | Library | Grade Levels | Reading | Math | Science | Credentialed Teachers | Students with IEPs |
| Pangalan ng Kompanya/Samahan | ✓ | ✓ | K-12 | ✓ | ✓ | | | |
| Pangalan ng Kompanya/Samahan | ✓ | | K-8 | | ✓ | | ✓ | ✓ |
| Pangalan ng Kompanya/Samahan | ✓ | | K-9 | | ✓ | ✓ | | |
| Pangalan ng Kompanya/Samahan | ✓ | ✓ | K-12 | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |

② **Lagdaan at Lagyan ng Petsa ang Aplikasyon**

③ **Ibalik ang APLIKASYON SA LIBRENG PAGTUTURO 2015-2016 ng hindi lalampas sa PALUGIT NA NAKALAGAY SA IBABA sa**
**San Diego Unified School District • Supplemental Educational Services • 4525 Market Street, Bldg. 800 • San Diego, CA 92102 • (619) 362-3340**

---

# NCLB Supplemental Educational Services
# 2015-2016 APLIKASYON SA LIBRENG PAGTUTURO

**PALUGIT NG APLIKASYON:**

***<u>Ibigay sa SES OFFICE ng ika-3:00 n.h. Biyernes Oktubre 30, 2015</u>***
***<u>O dapat may marka ng koryong Oktubre 23, 2015</u>***

***<u>APLIKASYON SA ONLINE:</u>*** *Ang Magulang/Tagapag-alaga ay dapat tapusin nang buo. Tunghayan ang dilaw na kahon sa ibaba para sa tatandaan.*

**Apelyido ng Mag-aaral:** ________________________

**Pangalan ng Mag-aaral:** ________________________

**Kapanganakan:** _____________**ID#:**___________________

**Paaralan:** ___________________ **Baitang:** ____

**Emayl:** ___________________________________

| PILI NG MAGULANG - PANGALAN NG TAGAPAGKALOOB NA SES |
|---|
| Unang Pili |
| Pangalawang Pili |
| Pangatlong Pili |

Ang pagiging karapatdapat sa Program Improvement School ay batay sa pagpapatibay ng estado. Ang pagiging karapatdapat ng mag-aaral ay batay sa kalagayang libre/pinamurang tanghalian. .

## Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga:

Sa pagpili ng Tagapagkaloob, nauunawaan kong maaaring ipamahagi ng San Diego Unified School District ang tungkol sa talaan sa pag-aaral ng aking anak, ang antas ng baitang at ang kalagayan niya sa wikang English; kung ang aking anak ay mayroong Individual Education Plan (IEP) at Section 504 Plan (kung karapatdapat); at pangalan, tirahan at telepono ng magulang/tagapag-alaga sa tagapagkaloob na naitakda para sa aking anak, na nararapat. Nauunawaan ko rin na ang tagapagkaloob ay gagamitin ang mga kaalaman para sa tamang layunin lamang at ang ang anumang kaalaman ay hindi ipamamahagi kaninuman o sangay na wala ang aking nakasulat na pahintulot.

Sa paglagda sa ibaba, tinatanggap kong nasuri ko ang mga pahayag sa itaas at nauunawaan ang proseso ng pagpili ng Supplemental Educational Services Provider para sa aking anak. **<u>Kapag ang paghiling para sa libreng pagtuturo ay lumabis sa nakalaang pondo, ang pangunguna ay ibibigay sa pinakamabagal matutong mag-aaral na karapatdapat para sa libre o pinamurang pagkain sa paaralan.</u>** Sumasang-ayon ako na dapat kong ibigay ang pinakahuling kaalamantungkol sa aking anak sa kaniyang paaralan. Nauunawaan kong ang pagpasok sa SES ay isang kasunduan at ang aking anak ay matitiwalag sa programa kung hindi laging pumapasok.

_________________________________ ____________ ____________________________

*Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga* *Petsa* *Emayl kung mayroon*

**Tandaan:** Kung maraming aplikasyon ang natanggap para sa isang mag-aaral, ang unang aplikasyon ang gagamitin. Lahat ng aplikasyon na natanggap ay dapat tapos at malinaw upang maisama. Kung nais ninyong isang kinatawan mula sa an SES Provider Company ang hahawak at/o magdadala ng inyong aplikasyon, hindi kasalanan ng distrito kung ito ay hindi natanggap.

First Class
U.S. Postage Paid
Permit 207
San Diego, CA

SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT
Supplemental Educational Services (SES) Office
4525 Market Street, Bldg. 800
San Diego, CA 92102

**FORWARDING SERVICE REQUESTED**

**LIBRENG PAGTURO NG SES**
**PAGPALISTA 2015-2016**
**Palugit 10/30/2015**

NCLB ***Supplemental Educational Services***

# 2015-2016
# LIBRENG Paglilingkod ng Sariling Tagapagturo

*Boklet sa Pagpalista ng Mag-aaral*





APLIKASYON SA LOOB!

San Diego Unified School District
Naglilingkod upang ihanda ang mga mag-aaral
para sa kolehiyo at karera.